

Blue Shield of California Medicare Advantage–Mga Plano ng Inireresetang Gamot Checklist Bago ang Pagpapatala

Bago magdesisyong magpatala, mahalaga na ganap ninyong naiintindihan ang aming mga benepisyo at mga tuntunin. Kung mayroon kayong anumang katanungan, maaari kayong tumawag at makipag-usap sa isang Kinatawan ng Customer Service sa **(800) 452-4413 [TTY: 711]**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., pitong araw sa isang linggo.

Pag-unawa sa mga benepisyo

- Nagbibigay ang Ebidensya ng Saklaw (Evidence of Coverage, EOC) ng kumpletong listahan ng lahat ng saklaw at mga serbisyo. Mahalagang suriin ang saklaw ng plano, mga gastos, at mga benepisyo bago kayo magpapatala. Puntahan ang blueshieldca.com/medmapd2024 o tumawag sa Customer Service sa **(800) 452-4413 [TTY: 711]**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., pitong araw sa isang linggo, upang tingnan ang isang kopya ng EOC.
- Suriin ang direktoryo ng provider (o magtanong sa inyong doktor) upang tiyakin na ang mga doktor na pinupuntahan ninyo ngayon ay nasa network. Kung hindi sila nakalista, nangangahulugan ito na malamang ay kailangan ninyong pumili ng isang bagong doktor.
- Suriin ang direktoryo ng parmasya upang tiyakin na ang parmasya na inyong pinupuntahan para sa anumang inireresetang gamot ay nasa network. Kung hindi nakalista ang parmasya, malamang ay kailangan ninyong pumili ng isang bagong parmasya para sa inyong mga reseta.
- Suriin ang formulary upang tiyaking saklaw ang inyong mga gamot.

Pag-unawa sa mahahalagang tuntunin

- Kung kayo ay nagpapatala sa isang planong may buwanang premium:** Bukod sa inyong buwanang premium ng plano, dapat ninyong ipagpatuloy ang pagbabayad sa inyong Medicare Part B premium. Karaniwang kinukuha ang premium na ito mula sa inyong tseke ng Social Security bawat buwan.
- Maaaring magbago ang mga benepisyo, mga premium, at/o mga copayment/co-insurance pagsapit ng Enero 1, 2025.
- Para sa mga HMO D-SNP na plano:** Dual-eligible special needs plan (D-SNP) ang planong ito. Ang inyong kakayahang magpatala ay ibabatay sa pag-verify na kayo ay karapat-dapat sa Medicare at medical assistance mula sa isang plano ng estado sa ilalim ng Medicaid.

Epekto sa Kasalukuyang Saklaw



Kung kayo ay kasalukuyang nakatala sa isang Medicare Advantage na plano, ang inyong kasalukuyang saklaw sa pangangalagang pangkalusugan ng Medicare Advantage ay magtatapos sa sandaling magsisimula na ang inyong bagong saklaw ng Medicare Advantage. Kung mayroon kayong Tricare, maaaring maapektuhan ang inyong saklaw sa sandaling magsisimula na ang inyong bagong saklaw ng Medicare Advantage. Mangyaring makipag-ugnayan sa Tricare para sa higit pang impormasyon. Kung mayroon kayong Medigap na plano, sa sandaling magsisimula na ang inyong saklaw ng Medicare Advantage, baka gusto ninyong wakasan ang inyong Medigap na policy dahil magbabayad kayo para sa saklaw na hindi ninyo magagamit.

The company complies with applicable state laws and federal civil rights laws and does not discriminate, exclude people, or treat them differently on the basis of race, color, national origin, ethnic group identification, medical condition, genetic information, ancestry, religion, sex, marital status, gender, gender identity, sexual orientation, age, mental disability, or physical disability. La compañía cumple con las leyes de derechos civiles federales y estatales aplicables, y no discrimina, ni excluye ni trata de manera diferente a las personas por su raza, color, país de origen, identificación con determinado grupo étnico, condición médica, información genética, ascendencia, religión, sexo, estado civil, género, identidad de género, orientación sexual, edad, ni discapacidad física ni mental. 本公司遵守適用的州法律和聯邦民權法律，並且不會以種族、膚色、原國籍、族群認同、醫療狀況、遺傳資訊、血統、宗教、性別、婚姻狀況、性別認同、性取向、年齡、精神殘疾或身體殘疾而進行歧視、排斥或區別對待他人

ATTENTION: If you speak a language other than English, language assistance services, free of charge, are available to you. Call **(800) 452- 4413 [TTY: 711]**.

ATENCIÓN: Si no habla inglés, tiene a su disposición gratis el servicio de asistencia en idiomas. Llame al **(800) 452- 4413 [TTY: 711]**.

注意: 如果您使用繁體中文，您可以免費獲得語言援助服務。請致電**(800) 452- 4413 [TTY: 711]**。